“Ipatupad na”

Ulat ng Konsultasyon sa Komunidad
Hinggil sa Plano ng Pagkilos
Para sa Pagwaksi ng Rasismo at Diskriminasyon

Buod

Nobyembre 2002

Tagalog

Introduksyon

Ang pagkakaiba-iba ng mga mamamayan ay isang pundamental na katangian ng ating lungsod. Binibigyan nito ng lakas ang Toronto sa pamamagitan ng kakayanang magpahalaga sa, ipagdiwang at galangin ang kaibahan ng mga naninirahan dito sa isa't isa. Ang ganitong pagkilala sa pagkakaiba-iba ang nagbibigay-buhay sa Toronto bilang isa sa pinakamapanlikha, mapag-aruga at matagumpay na lungsod sa mundo.

Sa kabila ng ganitong tagumpay, di pa rin buo ang partisipasyon ng marami sa mga residente natin sa buhay ng pamayanan. Para baguhin ito, sinimulan natin ang isang proseso ng konsultasyon sa mga residente ng Toronto noong Mayo 2002 tungkol sa Plano ng Pagkilos ng Pamahalaang Lungsod ng Toronto Para sa Pagwawaksi ng Rasismo at Diskriminasyon.

Mahigit 1,000 tao ang lumahok sa prosesong ito sa pamamagitan ng pagdalo sa mga konsultasyong publiko, mga pulong ng mga Komiteng Tagapayo, mga *working group* at *focus group*, gayundin sa pamamagitan ng nakasulat at pasalitang mga presentasyon.

Nilalagom ng ulat na ito ang aming narinig sa mga konsultasyong binanggit.

Direksyon

Nakita ng Grupong Sanggunian (*Reference Group*) na marami sa mga indibidwal at organisasyon ang may magkakatulad ng usapin/isyu hinaharap. May matatatag at magkakasang-ayon na mensahe tungkol sa mga prayoridad sa pagkilos at sa direksyong dapat tahakin ng Pamahalaang Lungsod sa Plano ng Pagkilos.

Pampulitikang Pamumuno

Magpakita ng pamumumno sa pagbubuo ng isang lipunang bukas at tumatanggap sa lahat sa pamamagitan ng paglalahad ng isang pananaw na nagpapahalaga sa pagkakaiba-iba sa lahat ng aspeto ng buhay ng lungsod.

Pamunuan ang isang mapagtugon na organisasyon na kumikilala na sari-sari at magkakaibang grupo ang dumaranas ng diskriminasyon batay sa pagtatagpo ng maraming aspeto ng kanilang identidad, kasama na ang kasarian, rasa o lahi, kapansanan at oryentasyong sekswal.

Bigyang buhay ang maramihang papel ng Pamahalaang Lungsod bilang tagabuo ng patakaran, tagapagbigay ng trabaho, ng serbisyo, ng pondo, tagapagtakda ng regulasyon/mga alituntunin, at tagabili ng mga bagay at serbisyo para matiyak ang isang lipunang makatarungan.

Magtalaga ng mga pangangailangan sa mga programa na makakapag-aruga't sustine ng mga komunidad, at makakatugon sa mga pangangailangan ng mga populasyong madaling masaktan o negatibong maapektuhan ng mga krisis o anumang pagbabago.

Magsalita laban sa lahat ng anyo ng diskriminasyon at di pagkakapantay-pantay.

Pagtataguyod

Kumilos bilang tagapagtaguyod, kasama ang lahat ng sektor at saray ng pamahalaan para sa pagsasagawa ng mga batas, pagpopondo at mga programa upang masustine ang mga komunidad, masuportahan ang partisipasyon sa ekonomya at makapaghatid ng mga serbisyong nakatutugon sa mga pangangailangan ng mamamayan.

Kilanlin at suportahan ang natatanging kasaysayan at pusisyon ng mga Katutubong populasyon sa lungsod at ang karapatan sa pagpapasya-sa-sarili.

Magpahayag ng suporta sa pagwawaksi ng mga sagkang hinaharap ng mga iba't ibang grupo at pinaka-agrabyadong mga komunidad, at kumilos para pigilan ang paglikha ng dagdag pang mga sagka.

Makipagtulungan sa ibang komunidad at grupo para makabuo ng isang lipunang bukas at tatanggap sa lahat.

Partisipasyon sa Ekonomya

Suportahan ang lubusang paglahok ng lahat ng komunidad sa buhay pang-ekonomya ng lungsod.

Tiyakin ang pagkakaroon ng sapat at maaabot na mga suportang kailangan para sa partisipasyon ng lahat ng komunidad sa buhay pang-ekonomya, kasama na ang para sa tuluyan, pangangalaga ng bata, mga programa ng pag-aaral sa pagbabasa, pagbilang at pagsulat, at ESL, pamasahe at murang pabahay.

Magpatupad ng mga estratehiya tungo sa pantay-pantay na pagtrato sa mga empleyado sa trabaho upang matiyak na nasasalamin ng komposisyon ng mga manggagawa at empleyado ng Lungsod ang pagkakaiba-iba sa populasyon.

Suportahan ang kontribusyon ng iba't ibang komunidad sa pagtataguyod ng pusisyon at papel ng lungsod sa ekonomya ng bansa at ng mundo.

Edukasyon at Kamulatang Pampubliko

Magpahayag ng malinaw na komitment sa halaga ng pagkakaiba-iba sa lipunan.

Magpatupad ng mga kampanya at programa na nagpapaalam sa mga residente tungkol sa mga serbisyo, kanilang mga karapatan at obligasyon.

Palaganapin ang pagkakaunawaan, paggalang at pagtutulungan sa hanay ng magkakaibang komunidad.

Magbuo at magpalaganap ng mga materyales na nagsasadokumento ng naging kontribusyon ng lahat ng grupo sa pagtatayo ng Toronto.

Paghahatid ng mga Serbisyo

Tiyaking ang mga programa at serbisyo ay tumutugon sa pangangailangan ng populasyong may iba't ibang katangian, at nagbibigay ng benepisyo sa lahat ng naninirahan dito sa isang pantay at makatarungang paraan.

Palahukin ang mga komunidad sa pagtatakda ng mga patakaran at prayoridad sa paghahatid ng mga serbisyo.

Maghatid ng mga serbisyo na tumutugon sa nagbabagong mga pangangailangan ng populasyon.

Pagbubuo ng Malalakas na Komunidad

Palakasin ang mga organisasyon para mabigyan ng kakayanang marinig ang tinig ng mga komunidad.

Magbahagi ng mga pangangailangan (hal: pondo, materyales, atbp.) sa umuunlad pa lamang na mga komunidad upang sila'y makalahok sa buhay ng lipunan kasama o kaalinsabay ng mas establisadong mga grupo.

Palaganapin ang kakayanan ng mga residente na magbasa, magsulat at magbilang, at ang kakayanan sa paggamit ng opisyal na wika (Inggles) upang makalahok at makaabante/umunlad sila sa buhay ng lipunan.

Pananagutan

Palakasin ang mga mekanismo para maging bahagi ang mga komunidad sa proseso ng pagbubuo ng mga desisyon ng Pamahalaang Lungsod.

Magsagawa ng pananaliksik at ilathala ang maaasahang datos na naglalayong subaybayan ang katayuan ng mga grupo, at magbuo ng mga patakaran at hakbang para sa pagbaka sa rasismo at diskriminasyon.

Magtakda ng mga palatandaan, mekanismo para sa ebalwasyon at mga rekisito para sa regular na pag-uulat upang masubaybayan at matasa ang pagpapatupad ng Plano ng Pagkilos.

Maaabot ninyo kami:

sa pamamagitan ng koreo:
Plan of Action for the Elimination of Racism and Discrimination
c/o Diversity Management and Community Engagement,
Strategic and Corporate Policy / Healthy City Office,
Chief Administrator's Office,
City Hall, 11th Floor East,
100 Queen St. West, Toronto, ON
M5H 2N2

sa pamamagitan ng fax: 416-696-3645

sa pamamagitan ng e-mail: diversity@toronto.ca

Telepono: 416-392-8592

TTY: 416-392-0889

Multilingual Services*:** tawagan ang ***Access Toronto at 416-338-0338

Makukuha ang buong ulat, "**Ulat ng Konsultasyon sa Komunidad Hinggil sa Plano ng Pagkilos Para sa Pagwaksi ng Rasismo at Diskriminasyon**", na nakalathala sa Inggles, nasa malalaking letra, karaniwang teksto at nasa *diskette* sa pamamagitan ng pagtawag sa: 416-392-8592.